

Saysay ng Kasanayan:

Pagbuo ng identidad sa arnis o eskrima

■ REGINALDO D. CRUZ

Nagtuturo sa Departamento ng Antropolohiya, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Pangunahing interes ay biswal na wika, tradisyonal na sining at musika.

ABSTRAK

Ang akdang ito ay magbibigay ng maikling paglalarawan sa sining ng arnis o eskrima na kilala rin sa tawag na *Filipino Martial Arts* o FMA na kasalukuyang ineensayo na rin sa iba't ibang bahagi ng mundo tulad sa Estados Unidos at Europa. Nauunang natututunan ng isang arnisador ang paggamit ng baston o sandata bago maturuan kung paano gamitin ang mga natutuhang galaw sa tinatawag na "*empty hands techniques*" o ang pamamaraan ng pagtatanggol sa sarili kung saan hindi gagamit ng anumang sandata tulad ng baston.

Hango sa karanasan ng may-akda sa sistema ng arnis o eskrimang natutuhan, ipapakita sa papel na ito ang mga pangunahing konseptong humuhubog sa galaw ng katawan at sa pagmanipula sa sandata na siyang pangunahing nagbibigay-saysay sa kasanayan, o identidad bilang arnisador. Bibigyang-diin sa papel ang sistema ng eskrima o arnis na nakabatay sa sandatang may talim tulad ng itak na tinatawag ding "*blade-based*" o "*blade art*."

Partikular na tatalakayin sa akda ang (a) klasipikasyon ng arnis, (b) salaysay ng pagsasanay sa paggamit ng itak, (c) anggulo ng pagtaga at paghakang o *footwork*, (d) katangian ng itak at ang pamamaraan ng paggamit nito, (e) pamamaraan kung walang baston, at (f) ang pagdadalumat sa mga nabanggit upang ipakita

ABSTRACT

This article will give a brief description of the art of *arnis* or *eskrima*, also known as Filipino Martial Arts or FMA which is currently being practiced in different parts of the world like the United States of America and Europe. Arnis practitioners learn how to use weapons first, such as an arnis stick before being taught how to use those movements for the "*empty hands techniques*" or the way to defending one's self without the use of weapon such as an arnis stick.

Based from the author's experience in learning *arnis*, the paper will show the concepts that mold the movements of the body and the manipulation of the weapons. Emphasis will be given on an arnis or eskrima system that is based on bladed weapons such as an *itak*, also known as "*blade-based*" or "*blade art*."

In particular, the article will discuss the (a) classificaton of *arnis*, (b) story of how the author learned to use the *itak* or sword (c) angles of striking and footwork, (d) quality and description of the *itak* or sword and the "proper" way to use it, (e) how to use the art of *arnis* even if you don't have sticks or sword, and (f) conceptualizing about identity as an *arnisador* in a specific system using the topics that was mentioned above.

Keywords: arnis, eskrima, Filipino Martial Arts (FMA), identity, skills

ang pagbibigay **saysay** sa **kasanayan** ng pagiging arnisador, o pagbuo ng identidad, batay sa isang espesipikong estilo o sistema ng arnis.

Susing salita: arnis, eskrima, Filipino Martial Arts (FMA), identidad, kasanayan

PANIMULA

Arnis, eskrima, o kali

Ang *arnis*, *eskrima*, o kaya naman ay ang katagang *kali* na madalas na ring gamitin sa ating bansa, ay ang masasabing pinakakilala sa tinatawag na *Filipino Martial Arts* (FMA) na nakikitang gumagamit ng baston, yantok o tinatawag din mismong arnis na kadalasan ay may habang nasa humigit kumulang na dalawampu't walong (28") pulgada. Kilala rin ang arnis sa paggamit ng dalawang mahabang baston (tinatawag ding doble baston at kung minsan ay sinawali) bagamat maaari din namang gumamit ng isang mahaba at maikling sandata (tinawag ding *espada y' daga*) na makikita sa larawan sa ibaba.



Larawan 1. Ilan sa iba't ibang posibleng sandatang gamit sa ensayo ng arnis. Mula sa itaas ang mga pares ng sandata ay ang sumusunod: (a) doble baston (b) mahaba at maikling baston, kapalit ng itak at maikling patalim o mas kilala sa espada y daga (c) tulad ng kombinasyon ng espada y daga bagamat matigas na kahoy na kamagong ang gamit at kapwa palapad ang mga hugis na mas nahahawig sa itak at patalim na may malapad at manipis na bahagi (d) ang nasa itaas ay tunay na itak na may talim samantalang ang pinakailalim ay gawa sa aluminum na hugis ng barong na kilalang gamit sa arkipelago ng Sulu at Basilan

Bagamat mas kilala sa paggamit ng sandata tulad ng baston at iba pang sandatang may talim tulad ng itak, marami ring sistema ng arnis ang may pamamaraan ng pakikipaglaban na hindi gumagamit ng sandata tulad ng paggamit ng kamay lamang kung walang baston, pagsipa, pag-itsa sa kalaban, at maging pa-ipit sa leeg o *choking*. Kadalasang itinuturo ito kapag ang manlalaro ay may sapat nang kasanayan sa paggamit ng sandata (Jocano 15).


Sa katawan ng akda ay makikita ang ilan naman sa mga posibleng paraan ng pagkklasipika ng arnis gayundin ang ilan sa sinasabing pagkakaiba ng pagpapangalan. Samantala, sa akdang ito ay tinitingnan ang arnis, eskrima, at kali bilang iba't ibang katawagan sa masasabing iisang sining lamang na maraming baryasyong makikita sa iba't ibang sistema at estilo ng arnis. Kaya naman para sa akdang ito ay gagamitin ang katagang *arnis*, para sa ating pambansang laro at *martial art* (RP), upang mapadali ang pagsusulat gayundin para sa pagbabasa ng akda.

Para talakayin kung ano ang pagtutuunan ng pansin ng akda tungkol sa arnis, tingnan ang layunin ng kasalukuyang pag-aaral at balangkas na gagamitin upang matahi ang piniling aspektong ilarawan sa sining ng pakikipaglaban at pananandata ng ating mga ninuno.

Layunin at balangkas ng pag-aaral

Layon ng papel na ito na ipakita ang *saysay* ng *kasanayan* sa pagbuo sa identidad gamit ang mga gumagabay na mga salita o konseptong sumasalamin mula sa pagsasanay sa mas pinapaborang galaw ng katawan at sandata sa arnis na nakabase sa paggamit ng itak, "*blade-based*" o "*blade art*" din kung tawagin. Pagtutuunan ng pansin ang isang sistemang nakabatay sa itak na natutuhan ng may-akda, at gagamitin ang pinagdaanang pagsasanay bilang inspirasyon sa ginawang balangkas sa pagpapalawig sa tinatalakay na paksa.

Partikular na tatalakayin sa akda ang (a) klasipikasyon ng arnis, (b) salaysay na pagsasanay sa paggamit ng itak, (c) mga anggulo ng pagtaga at paghakbang (*footwork*) sa arnis, (d) katangian ng itak at ang pamamaraan ng paggamit nito, (e) paggamit sa sining ng arnis kung walang baston o itak, at (f) pagdadalumat sa mga nabanggit upang ipakita ang pagbibigay **saysay** sa **kasanayan** ng pagiging arnisador, o pagbuo ng identidad, base sa isang espesipikong estilo o sistema ng arnis. Bilang eksploratoryong pagdadalumat ay gagamitin ang balangkas mula sa larawan 2:



Larawan 2. Balangkas sa pag-aaral upang ipakita ang *saysay* ng pagiging isang arnisador (base sa espesipikong estilo o sistemang) mula sa pagkakaroon ng *kasanayan*.

Makikita mula sa balangkas sa itaas na bukod sa pisikal na aspekto ng pagsasanay, halimbawa ang mga pamamaraan ng galaw ng kamay, braso, katawan at sandata, ay mahalagang ipaalala na may iba pang bagay na natutuhan habang nagsasanay sa paggalaw

ng katawan na mahalaga rin sa pagbuo ng identidad bilang bahagi ng isang grupo o sistema ng mga arnisador, na siyang makikita naman sa ibaba ng balangkas. Binanggit ni Jennings sa unang talata ng kaniyang isinulat na mahalaga ang mga nahahawakan at di-nahahawakang (*intangible*) bahagi sa pagbuo ng identidad sa larangan ng *martial arts*. Maaari nating banggitin na ang kasalukuyang pag-aaral ay pangunahing naganap sa isang payak na *gym* (para lang malinaw na hindi ito ang mga mamahaling gym kung saan makaaapekto ang komersiyo sa pamamaraan ng pagsasanay) kung saan makikita ang mga larawan ng mga nakatatandang kasapi at mga haligi ng sistema, *punching bag*, *body armor*, gulong na maaaring paluin, barbel at mga dambel, iba-ibang haba at klase ng pamalo at itak na pang-ensayo, at mga guhit sa sahig at pader sa labas para sa pagsasanay sa anggulo ng mga hakbang at palo. Bukod sa pakiramdam na dulot ng mga nakikita at nadarama kapag pumupunta at nagsasanay sa nasabing lugar, sa pook ding ito nagaganap ang **pakikisalamuha, sosyalisasyon o enkulturasyon**, na siyang tuon ng ibabang bahagi ng balangkas sa pag-aaral.

Hindi lamang isang pisikal na aktibidad ang pagsasanay, bagkus ito ay panahon din ng pakikisalamuha, pakikipagkuwentuhan, pakiramdaman sa pagkatao ng bawat isa. Mapatitibay dito halimbawa ang mga nabubuonang relasyon tulad ng relasyon bilang mag-aaral at guro o ang tumatanggap ng kaalaman at tagapagbigay ng kaalaman. Ito rin ang pagkakataon para ibahagi ang masasabing tila mga kuwentong-bayan ng grupo, mga kuwentong nagpapatibay sa mga simbolong pinangangalagaan at pinahahalagahan. Sa mga pagkakataong ito naibabahagi ang mga kuwento ng kagalingan at tagumpay, mga paboritong galaw o teknik, ng kinikilalang tagapagtatag at maaari ding ng kasalukuyang maestro. Napagtitibay din ng mga sandaling ito ang posibleng pagbabahagi ng mga kuwentong hindi para sa lahat kundi para lamang sa mga kasapi ng grupo. Samakatuwid ang pagsasanay ay hindi lamang para sa pisikal na galaw ng katawan bagkus ito ay ang panahon o pagkakataon upang matutunan o makasanayan ang pagbibigay halaga sa mga pinahahalagahan ng isang grupo ng estilo ng arnis.

Limitasyon ng pag-aaral

Magandang banggitin sa simula pa lamang na ang balangkas ay tumutugon sa pag-aaral ng isang sistema lamang. Paano gayon kung may ibang estilo o sistema ng arnis ang kinabibilangan din ang isang nagsasanay? Dahil ito ay panimulang pagdadalumat pa lamang gamit ang mga lokal na katagang “saysay” at “sanay” upang mas mailapit ang pagdadalumat sa paksa ng kasanayan at identidad nating mga Filipino, hindi pa nito tutugunan ang detalyadong pagpapaliwag ng interaksyon ng sabay-sabay na magkakaibang identidad. Ngunit, bilang panimulang tugon ay maaaring ihambing ito sa pagkatuto ng wika. Sa Pilipinas halimbawa, marami ang may taglay na kaalaman o kakayahan sa iba’t ibang wika ng bansa, subalit kapag ikaw ay nasa lugar na sinasalita ang naturang wika inaasahang mabigkas mo ito ayon sa nakasanayan ng mga tagapagsalita. At tulad din ng wika, may masasabi pa ring pagkakaiba-iba ng mga tagapagsalita ng iba’t ibang wika bagamat may pagkakaintindihan, kahit papaano, sa kung tila nagiging tunog dayuhan na ba ang isang kababayan. Gayundin sa galaw sa arnis, may mga katanggap-tanggap na pagkakaiba sa paraan ng paggalaw at

may tila ibang estilo (o wala pang kasanayan) ang isang gumagawa ng teknik. Binabanggit ito upang hindi isipin ng mga mambabasa na may iisang magkamukhang-magkamukhang mga galaw, tila mga robot, ng bawat kasaping may kasanayan sa isang sistema ng arnis. Maaaring magkaroon din ng kaunting pagkakaiba dahil sa pagkakaiba-iba sa taas, laki ng katawan, bilis ng kakayanang gumalaw at iba pang pagkakaiba-iba ng bawat manlalaro.

Samantala, bagama't ang mas pagtutuunan ng pansin ay ang pisikal na bahagi ng pagsasanay, hindi hangad ng papel na ito na magturo ng teknik sa arnis kaya't kung ang nais ng mambabasa ay matuto ng arnis ay mahalagang magpaturo sa mga kalipikadong guro o maestro ng arnis. Maaaring sumangguni rin sa ilang mga nailimbag na mga aklat kung nais makita ang ginagawa ng iba't ibang espesipikong sistema (Diego at Ricketts, Lema, Presas, Somera, Wiley) at tumingin ng mga video sa internet kung nais gumawa ng panimulang paghahambing.

Sa usapin ng mga sandatang tinutukoy sa pag-aaral, pinasimple at tinawag lamang na itak ang anumang uri ng sandatang may talim na nalalapit ang haba ng baston tulad ng pinuti, sansibar, talibong, barong, dahong-palay, bolo at iba pa. Samantala, bagama't may maikling baston na tumatayong kutsilyo, o daga kung tawagin, sa mga sistema ng arnis ay hindi na ito pagtutuunan ng pansin at sa halip ay mas tututukan lamang ang bastong tinatawag ding arnis na itinuturing ngang itak ng ilang sistema ng eskrima, tulad ng sistemang tinutukoy sa akdang ito.

DATOS

Pinagbatayan ng datos

Ang pinagbatayan ng datos ay nanggaling sa pagsasanay sa isang sistema ng arnis o eskrimang pinag-aralan ng may-akda. Hindi man sinimulan bilang pag-aaral na may layong ianalisa o isulat para sa isang akademikong sulatin, masasabing base ito sa pakikiugaling pagmamasid o *participant-observation*. Mas pagbabalik-tanaw at pagrerebyu sa ilang personal videos (na maituturing na ring bahagi ng mga tala sa field o *field notes* sa etnograpiya kapag binabalikan ang mga naging karanasan sa field) ng mga ensayo gayon din sa mga aklat na nailimbag tungkol sa nasabing sistema ang ginamit upang ianalisa ang dati nang nakikita at naranasang pagbuo ng identidad mula sa pagsasanay sa arnis.

Iba't ibang klasipikasyon ng arnis

Maraming sistema ng arnis, malamang ay hindi bababa sa isang daan ang bilang lalo pa kung isasama ang mga sistema ng arnis na nasa ibang bansa bukod pa sa mga sinaunang sistema na walang pormal na pangalan at tinatawag lamang halimbawa na eskrima. Ilan sa mga nakilalang sistema ng arnis ay ang sumusunod:

- **Arnis** Lanada
- Garimot **Arnis**
- Lapunti **Arnis** de Abanico
- Lightning Scientific **Arnis**
- Modern **Arnis**
- Balintawak **Eskrima**
- Doce Pares **Eskrima**
- Lameco **Eskrima**
- San Miguel **Eskrima**
- Pekiti Tirsia **Kali**
- Lema Scientific **Kali Arnis** System
- De Campo Uno-Dos-Tres Orihinal
- Kalis Ilustrisimo
- Kombatan

Mapapansin mula sa iba-ibang pangalan ng sistema na maaaring nakakabit ang salitang eskrima, arnis, kali, kombinasyon ng mga ito o maaari din namang hindi kasama sa pangalan ng mga grupo o sistema ng FMA. Samantala sa mga sistema naman na nahubog sa Estados Unidos ng mga Filipinong doon na nanirahan at karamihan sa mga naging pangunahing estudyante ay mga Filipino-American, mapapansing mas ginagamit ang “c” sa halip na “k” sa pagbaybay ng eskrima. Halimbawa nito ay ang *Bahala Na Eskrima* at ang *Cabales Serrada Eskrima*. Sa dinami-dami ng estilo at sistema ng arnis, maaari bang sabihing magkakarpareho lamang ang mga ito? Paano kaya kung gayon makaklasipika ang iba’t ibang sistema o estilo? Ayon sa ilang awtor at eskrimador ay may iba-ibang klasipikasyon ng arnis. Nabanggit halimbawa ng isang grupo ng eskrimador na aking nakasalamuha sa Estados Unidos na maaaring mahati ang sining ng baston sa tatlo; ang mula sa Luzon (arnis), Visayas (escrima), at Mindanao (kali) na matatagpuang binanggit din ng kilala at maimpluwensiyang Filipino-American na eskrimador sa Estados Unidos na si Dan Inosanto (*northern, central and southern styles of the Philippines*) sa kaniyang aklat na *The Filipino Martial Arts* (14). Kailangang maging maingat sa ganitong klasipikasyon sapagkat kung titingnan halimbawa ang mga sistema ng arnis na nabanggit sa itaas, hindi naman masasabing makikita kung saan galing ang mga ito base sa paggamit ng *arnis, eskrima o kali* sa pangalan ng kanilang estilo o grupo (maaaring basahin ang sinulat nina Nepangue at Macachor para sa karagdagang pagtalakay, partikular sa mga pahina 49-56). Dagdag pa rito ang katagang *kali*, ay unang lumabas lamang sa aklat ni Yambao (9) sa sinulat na introduksiyon ni Mirafuente, at wala ring sining na *kali* sa mga grupo ng Muslim sa katimugan ng ating bayan sa halip ang matatagpuang sining ng pakikipaglaban ay ang tinatawag na *silat* (Nepangue at Macachor 60-63). Tinalakay din ni Jocano (16) ang usaping ito at binanggit ang suliranin sa batayang ginagamit sa pagpapatunay sa pinagmulan ng *kali*. Mahirap kung gayong gamitin ang paggamit ng arnis, eskrima o kali bilang batayan ng klasipikasyon. Sapat na munang masabing gamit ang tatlong katawagan, *arnis at eskrima* bilang pinakalaganap sa buong kapuluan at *kali* bilang pinakabago (Nepangue at Macachor), para tumukoy sa ating kasalukuyang sining ng pakikipaglaban o *martial arts* na pangunahing gumagamit ng sandata, bagama’t maaari din namang walang sandata.

Nagmungkahi naman ng paghahati base sa pagiging “ancient,” “classical” at “modern” systems si Wiley (309-241) para sa pagklasipika ng iba’t ibang sistema ng arnis, na masasabing ayon sa hinihinuhang pinagmulan o panahon kung kailan nalinang ang mga teknik ng isang sistema. Samantala, para kina Nepangue at Macachor (80-81) ay may tatlong uri na base naman sa pagturing sa ginagamit na baston: (1) una ay sistema kung saan itinuturing ang

arnis bilang *"blade art,"* ibig sabihin ay nirerepresenta ng baston ang sandatang may talim tulad ng itak, (2) pangalawa, ang pagturing sa baston bilang sandatang pamalo na walang talim o bilang *"impact weapon,"* (3) pangatlo, ang mataas na pagpapahalaga sa paggamit ng kamay lamang na walang sandalata o *"empty hands"* na mahalaga para sa militar at mga pulis. Ang klasipikasyon ng sistema ng arnis o eskrimang tatalakayin sa papel na ito ay maiihalintulad sa unang binanggit nina Nepangue kung saan itinuturing ang baston bilang sandatang may talim tulad ng itak.

Salaysay sa pagsasanay sa paggamit ng itak

Nagkaroon ang may-akda ng pagkakataong matuto sa sining ng paggamit ng itak sa pamamagitan ng pagpapakilala at paggagarantiya ng isang guro at kapatid sa pag-aaral ng *martial art*, sa isang maestro ng arnis na nakabatay sa itak. Noong unang araw kung kailan ang may-akda ay ipinagpaalam na dalhin sa lugar ng pinagsasanayan at ipakilala sa maestro, naupo lamang ang may-akda sa isang sulok para mapanood ang kanilang sesyon. Hindi pa niya alam noon kung ano ang aasahan bagamat sa totoo lang ay nais din sanang humawak ng baston at maturuan ng maestro. Natapos ang sesyon na nanood at inobserbahan lamang ang kanilang ensayo nang hindi pinahawak ng baston o itak o pinagaya man lamang ang mga tindig. Lingid sa kaalaman ng awtor, na napagtanto lamang kalaunan, inobserbahan din lamang ng maestro ang bagong salta. Malamang ay pinapakiramdaman at minamasdan ang kilos, reaksiyon, o posibleng pagkatao, kung maaari bang pagkatiwalaan na pagpasahan ng kaniyang taglay na kaalaman sa sining ng pagtaga.

Sa pangalawang pagdalaw sa maestro, na masasabing unang bahagi ng *"ritwal"* sa pag-aaral ng pagtaga, ay tinuruan ng pagsukat ng distansiya, ang paghawak ng sandata at ang tindig ng katawan. Ang tumayong sandata ay ang kahoy na hugis itak, na kung sa ibang sistema ng arnis ay baston o ratan (pabilog - hindi palapad - walang gilid na *"may talim"*) ang ipagagamit. Sinisigurado ng prosesong ito na masimulan nang tama ang pagtaga o pagpalo gamit ang may talim na parte ng sandata. Mas madaling masasanay ang kamay at mata upang makita na ang talim, at hindi gilid ng itak, ang tatama sa pagtaga. *"Huwag mong ibangga sa talim... gamitin mo ang gilid ng itak,"* madalas na paalala ng maestro sa oryentasyon ng sandata. Mapapansin ding mas madalas na gamitin ang salitang *"taga"* sa halip na *"palo,"* dagdag na rin ang mga katagang *"saksak"* at *"tusok"* na mas akma sa sandata tulad ng itak. *"Pag taga mo sa taas... 'pag taga mo sa ilalim... 'pag taga sa iyo..."* ang madalas na kasabay na sabi ng maestro habang nagpapalitan ng atake at depensa gamit ang pang-ensayong itak (kahoy man o bakal). Ang regular na baston o ratan sa pag-eensayo ay ginagamit din namang muli matapos makitang natutuhan na ang tamang paghawak sa itak. May isang pagkakataon ngang napansin kong lumabas ang salitang *"palo"* nang minsang baston ang aming gamit sa ensayo, *"binigyan ka ng palo rito" bagamat bumalik ulit sa taga, "tignan mo posisyon ng baston. Pag tinaga ka..."* siguro dahil nakasanayan na o kaya naman ay dahil itak nga ang turing kahit baston pa ang gamitin.


Kasunod namang itinuturo sa pagtaga ang paggalaw ng paa o footwork kasabay ng pagtaga hanggang sa matutuhan ang simpleng depensa laban sa mga atake. Mahalagang

matutuhan ang pag-atake o pagtaga dahil kung sakaling “kailanganin ‘pag labas (ng gym),” ayon kay maestro ay magandang may magagamit na agad, kaya’t mahalaga rin na tama ang paraan ng pagtaga. Kalaunan ay maiintindihan na rin ng estudyante kung paano maiwasang salubungin ang lakas ng taga-base sa anggulo ng mga atake at posisyon ng katawan. Kung sa simula ay may bilang (koryograpiya) ng pagtaga at pagdepensa, sa mas mataas na antas ay hindi na sasabihin kung saan manggagaling ang mga taga at kailangang gumalaw na ang bawat manlalaro upang makaatake o makadepensa.


Makikita sa larawan 3 ang mga anggulo ng atake/depensa na siya ring anggulo naman ng mga galaw ng paa o paghakbang kung ang mga ito ay ilalapat sa sahig. Mas malaki ang padahilis na linya dahil sa karamihan ng sistema ng arnis ay ito ang pangunahing anggulo ng palo at galaw ng paa. Katunayan, madalas na makikita ang padahilis na anggulo sa mga logo ng mga grupo ng arnis.

Ang dayagram sa Larawan 3 ay mahalagang simbolo sa sistemang nakabatay sa itak na aking inilalarawan. Sa katunayan, makikita itong nakapinta sa sahig para sa galaw ng paa o paghakbang (walong apak) at maging sa isang bahagi ng pader para sa anggulo naman ng taga.

Samantala, sa ibang sistema naman ng arnis ay mas madalas gamitin ang tatsulok sa Larawan 4 bilang batayan ng paggalaw ng paa o footwork, na isa rin sa ginagamit sa sistemang base sa itak at tinatawag na “*tatlong bao*” (isiping may tatlong baong nakabaon sa lupa na nakapormang tatsulok na maaari lamang galawan at tapakan ng paa).



Larawan 3. Mga anggulo ng pagtaga, gayundin sa paghakbang



Larawan 4. Tatlong bao o tatsulok na tapakan

Katangian ng itak at pamamaraan ng paggamit nito

Matapos maipakita sa naunang bahagi ang maikasing introduksiyon sa arnis ay ilalarawan naman ang katangian ng itak at ang maaaring maging implikasyon sa paraan ng pagtaga na isinasaalang-alang kahit na baston ang gamit sa pagsasanay.

Mga halimbawa ng dapat isaalang-alang sa pagsasanay kapag itinuring na itak (o may talim at tulis tulad ng taga, pinuti, barong, talibong, atbp) ang baston

Mabigat ang itak

- hindi madaling paikot-ikutin, mas nakakapagod kaysa sa baston, maaaring makasira ng pulso (wrist) kung papaikot-ikutin

Nababaliko (malleable) ang itak

- kumakagat at nababaliko kapag nagtama ang mga talim

May tulis ang itak

- epektibo ang paggamit ng pagtusok/saksak, kaya laging nakatutok, kaunting galaw at lakas lamang ang kailangan ay maaaring makamatay kung tunay na itak ang gamit

Palapad at hindi bilog ang itak

- hindi pantay-pantay ang bawat gilid, may malapad at may manipis

May talim ang itak

- hindi pantay ang epekto ng tama sa magkaibang gilid
- hindi nakakahiwa ang gilid, parteng walang talas o talim
- kailangang piliin ang hahawakang parte para hindi masugatan ang sarili

May hawakan ang itak

- may hawakan talaga ang itak, kaya't maski baston ang gamit ay sinasanay na dulo na ang hawak sa baston tulad ng paghawak sa itak.
- isang dulo lamang ng itak ang hawakan, hindi maaaring pagpalitin ang hawak sa magkabilang dulo

Hindi magandang ipalo sa semento ang itak

- masisira ang tusok at talim ng itak kapag tumama sa semento

Para sa sistemang itak ang gamit o pinagbatayan ng galaw, ipinaalala ng maestro na *"huwag mo (nang) ilayo!"* ang sandata at ang *"siko mo, 'wag (mong) ibuka"* upang maging *"eskwalado"* ang galaw. Ang ibig sabihin nito ay hindi dapat lumalayo sa sentro ang mga palo at hangga't maaari ay nagtatapos sa posisyon kung saan nakatutok ang sandata sa kalaban. Inaakala ng iba na walang taglay na lakas ang *"gipit"* na palo (bagay lamang daw sa itak) dahil tila walang pinagkukunan ng buwelo o lakas, subalit sa totoo ay may sapat na lakas itong nanggagaling sa pagpihit ng baywang, tamang posisyon ng katawan at baston/ itak sa oras ng pagpalo o pagtaga. Maingat ang sistemang base sa itak sa bawat posisyon at galaw sa kadahilanang hindi maaaring iwang bukas na bukas ang katawan sa mabilis na atake ng itak, maaaring simpleng hiwa o tusok ay maaaring makamatay, kung depensa ang pag-uusapan. Sa posisyong hinintuan din ay mabilis na makakahiwa o makakatusok naman kung pag-atake ang pag-uusapan. *"Doon ka na eh..."*, madalas na paalala ni maestro kapag

inililipat namin ng posisyon ang baston o itak para kumuha ng buwelo. Laging binibigyang-diing huwag nang ilipat ng posisyon ang sandata at umatake na mula sa huling posisyong hinintuan, walang dapat na sayanging oras lalo't kapag itak na ang hawak. Kaugnay nito ay pinaiwasan din ang sobrang pagpapaikot-ikot ng baston sa sistemang itak ang gamit sapagkat bukod sa mabigat ang itak para paikot-ikutin ay mas epektibo ito kung talim ang tatama bukod sa mas madalas na mawawala sa sentro ang itak kung saan madaling makapagsagawa ng atake tulad ng simpleng pagtusok ng matulis na bahagi ng itak.

Sa pagdepensa naman, halimbawa ay pagsalag, sa sistemang batay sa itak ay dapat na padulasin lamang gamit ang gilid (*blunt side*) ng itak sa halip na ang bahagi kung saan may talim ang dapat na tumama sa sandata ng kalaban upang hindi masira ang talim at maiwasang kumagat o kumapit ang itak sa kapwa itak ng kalaban at hindi masira ang tiyempo ng iyong galaw. Kahit pa baston ang gamit sa pag-eensayo ay maaari ding malaman kung tama ba ang pamamaraang ginamit sa "*pagsangga*" (hindi kasi talaga sinasangga), kung ito ba ay pinadulas talaga o kung ito ba ay sinasalubong na kung itak ang gamit ay magtatama ang mga talim. "*Narinig mo (ang pagkakaiba)?*" tanong ni maestro, samantalang hinahanap pa ng may-akda ang pagkakaiba ng tunog ng pagpapadulas kumpara sa diretsong pagbangga ng mga baston o itak. Hindi dapat magkaroon ng malakas na tunog ang pagtama ng dalawang sandata, dahil dapat ay parang dumausdos lamang at hindi talaga nagbabanggaan ang armas o yung tinatawag na "*force-to-force*" na pagsalag. Kaya't ang kasunod na tanong ni maestro ay "*Alin mas magaan?*," patungkol sa kagaanang dapat na madama pagtama ng dalawang sandata, sa halip na banggain o salubungin ang lakas ng atake ng sandata ng kalaban.

Tulad ng nabanggit, ang paggalaw sa sistemang base sa itak ay makitid (o matipid) at hindi-lawag (maluwag o *wide*) o "*nakabuka*" upang laging handa ang katawan at sandata sa atake at depensang gamit ang itak o *blade* na kapirasong mali mo lamang ay maaaring buhay ang maging kapalit. Ayon na rin sa panayam ni Sulite (175) sa naging tagapagmana ng kilalang sistema ng eskrimang nakabatay sa pagtaga:

...In terms of fighting philosophy and strategy... does not condone "Lawhag" (wide) movements... stresses economy of movement, strategic positioning and use of the weapon and centerline awareness...

Nagagawa ang pagposisyong ito gamit ang pagpihit ng katawan, sa halip na gamit lamang ang braso, at detalyadong pag-anggulo at galaw ng mga paa sa halip na ang madalas na paggalaw ng mga paa sa ibang sistema na base sa tatsulok (Diego and Ricketts 42). Pinatunayan ito ng mismong tagapagtaguyod ng sistema sa kaniyang sinabing (Sulite 165):

Our attacks or defense have minimal angles or lead time. I always keep my weapon in front of me with the tip always directed towards the opponent. A simple push or forward movement will change my ready position into an offensive action. This is economy of movement and practical strategy.

Ang mga nabanggit ay napansin din mula sa mga itinuro ng maestro. Dahil ang tuon ng pansin ng akdang ito ay sa mga pangunahing galaw lamang, marapat lamang na ipaalala na hindi lamang ang mga galaw o maging mismong mga teknik ang mahalaga para at masabing naging bihasa ka, paalala ng isang maestro:

It must be noted, however, that the techniques themselves are not the secret to mastering the art.... Rather, it is the combination of training methods, and fighting concepts of enganyo (feinting maneuvers), prakcion (off-beat timing), cadena real (linking the principal techniques), reloj de arena (hourglass shape concept), and dakip-diwa (spontaneous action without conscious thought), which distinguish the application of this art from others. (Galang 83- 84)

Bilang karagdagan, ang mga nabanggit kayang galaw ng katawan at mga teknik ay maaari pang magamit kung sakaling walang baston o itak na hawak ang arnisador?

Paggamit sa sining ng arnis kung walang baston o itak

Maging anuman ang gamit na pangalan ng isang grupo sa ating tinatalakay na sining ng arnis, maging ito ay base sa baston o itak ay nauunang matutuhan ang paggamit ng sandata na kadalasan nga ay baston. Kabaligtaran ito sa karamihan ng ibang sikat na martial arts tulad ng karate, aikido at iba pa kung saan sa mas mataas na lebel pa ituturo ang paggamit ng sandata. Bukod pa sa kakaibang katangian ng ating sining ay lingid sa kaalaman ng karamihan na kapag nasanay na ang katawan ng manlalaro ng arnis sa paghawak o manipula ng baston ay maaari ding magamit ang mga natutuhang galaw kahit wala na ang baston o sandata upang maipagtanggol ang sarili. Maaari ding halimbawang iangkop ang mga natutuhang galaw sa pang-araw-araw na gamit tulad ng bolpen, nakabilot na diyaryo, *flashlight*, aklat at iba pa na makikita sa Larawan 5, sa halip na baston ang gamitin. Hindi man batid ng karamihan, maging ng karamihan sa karaniwang Filipino, ang arnis ay higit pa sa pagwasiwas lamang ng baston at may taglay na kagandahang hinahangaan maging sa labas ng ating bansa.



Larawan 5. Ilan sa pang-araw-araw na gamit na maaaring magamit kapalit ng mahaba o maigsing bastong gamit sa pag-eensayo sa arnis o eskrima

KONGKLUSYON

Nais muling ipaalala na hindi layon ng akdang ito na sabihing ang sistemang nakabatay sa itak ang pinakamagandang uri ng arnis, kung pagbabatayan ang pagkakaiba-iba halimbawa sa mga binanggit nina Nepange at Macachor. Inilalarawan lamang nito ang inaasahang kasanayan upang masabing natutuhan na nga ng isang manlalaro ang espesipikong sistemang tinalakay.

Pangunahing nanggaling sa sariling karanasan ng mananaliksik ang mga obserbasyon gayundin sa mga komento ng guro na binanggit niya na natutuhan ng mananaliksik at mga nakasabayan nito sa pagsasanay ang paraan ng pagtaga. Ang akmang pagkilos ng katawan, pagwasiwas ng armas kasama ang tamang posisyon kung saan dapat tumigil, pati na rin ang tamang paggamit ng gilid ng itak, talim, at tusok ay nagpapakita ng kaalaman sa pagtaga ayon sa espesipikong sistemang pinag-aralan. Matapos ang ilang taong pagsasanay ay tila natutuhan na rin nga ng katawan ang sining sa paggamit ng itak, at nasabihan na rin ng maestro na “*ok na*,” nakuha na raw ng mananaliksik ang wastong galaw para sa sining ng arnis o eskrimang nakabase sa itak. Hindi man bihasa pa, masasabing may sapat na kaalaman na para gumalaw nang may kasanayan. Sapat na para masabing ang saysay ng kasanayan at pagkakaroon ng identidad bilang isang arnisador ay mula sa kakayanang gumalaw ayon sa sistemang pinagsanayan, mula na rin sa pahayag ng maestro.

Tulad ng nabanggit sa limitasyon ng pag-aaral, hindi na tinalakay at pinalawig ang bahaging ginagampanan ng pakikisalamuha, sosyalisasyon at enkulturasyon sa akdang ito bagama’t naipaliwanag nang kagyat gamit ang ilang halimbawang binanggit. Sapat na munang sabihing ang pagsasanay sa pisikal na bahagi sa pag-aaral ng arnis ay nagbibigay din ng panahon para sa pakikisalamuha, sosyalisasyon at enkulturasyon na mahalagang pagkakataon din upang maibahagi ang mga simbolo at kuwentong binibigyang halaga ng mga kasapi ng grupo o estilo ng arnis.

REKOMENDASYON

Isa sa hindi nabibigyang-pansin sa akademikong pagsusulat sa ating bansa ang *Filipino Martial Arts* o FMA. Sa katunayan, mahirap pa ngang bigyan ng salin ang “*martial arts*” sa Filipino. Isa lamang itong simpleng ambag sa akdang tumatalakay sa ating pambansang laro na arnis o eskrima.

Marami pang maaaring pag-aralan sa ating napakagandang sining. Sa larangan ng antropolohiya halimbawa ay magandang suyurin ang iba’t ibang sistema ng arnis upang tingnan ang relasyon ng manlalaro nang mas maintindihan ang kinalaman ng *kinship*, na isa sa mga klasikong paksa ng pag-aaral sa nasabing disiplina, sa larangan ng pag-eensayo ng *martial arts*.

Marami na ring pagbabago ang naganap at nagaganap sa sining ng arnis kaya’t maganda ring idokumento at pag-aralan ang mga salik na nakaaapekto sa nakikitang pagbabago. Makikita ang mga pagbabagong ito mula sa mga sandatang ginagamit, sa paraan ng

pagtuturo at pagpapalaganap, katawagan sa mga namumuno at nagtuturo, hanggang sa relasyong pinapanday ng bawat grupo ng eskrima o arnis.

Isa rin sa hindi naisama sa pag-aaral na ito na magandang pag-aralan ay ang pag-aanalisa sa mga logo ng mga sistema ng eskrima. Mula sa mga salitang ginagamit hanggang sa mga simbolong inilalagay at ang pagkakaayos ng mga simbolong napili ay interesanteng tingnan.

MGA SANGGUNIAN

- Diego, Antonio at Christopher Ricketts. *The secrets of Kalis Ilustrisimo: The Filipino fighting art explained*. Boston Massachusetts: Tuttle Publishing, 1999. Limbag.
- Galang, Reynaldo S. *Warrior arts of the Philippines*. Roseland, New Jersey: Arjee Enterprises, 2005. Limbag.
- Inosanto, Dan, Gilbert L. Johnson at George Foon. *The Filipino Martial Arts as taught by Dan Inosanto*. Los Angeles, CA: Know Now Publishing Company, 1980. Limbag.
- Jennings, George. Out of the labyrinth: The new Mexican martial arts riding the wave of Mexicanidad. Paper presented at the 3rd Martial Arts Studies International Conference, Cardiff University, UK, 12 July 2017. <https://chinesemartialstudies.com/2017/08/14/seeking-identity-through-the-martial-arts-the-case-of-mexicanidad/>. 30 Setyembre 2019.
- Jocano, Felipe, Jr. Arnis: A Question of origins. *Rapid Journal 2* (1997): 15-17. Limbag.
- Lema, Benjamin, Jr. Arnis: *Filipino art of self defense*. Pasig: Integrated Publishing House, 1989. Limbag.
- Mirafuente, Buenaventura. Maikling kasaysayan ng arnis. Nasa *Mga karunungan sa larong arnis*, awt. Placido Yambao, ed. Buenaventura Mirafuente, 1957, pah. 9-14. Quezon City: University of the Philippines Press. Limbag.
- Nepangue, Ned R. at Celestino C. Macachor. *Cebuano eskrima: Beyond the Myth*. Xlibris Corporation: United States of America, 2007. Limbag.
- Presas, Remy A. *The practical art of eskrima*. Quezon City: New Galaxie Lithographic Arts & Printing Press, 1994. Limbag.
- Presas, Ernesto A. Arnis: *Presas style and balisong*. Manila: E. A. Presas, 1996. Limbag.
- Republic of the Philippines (RP). Republic Act No. 9850: An Act Declaring Arnis as National Martial Art and Sport of the Philippines. 2009. <https://www.officialgazette.gov.ph/2009/12/11/republic-act-no-9850/>. 22 Setyembre, 2019.
- Somera, Antonio E. *The Secrets of Giron Arnis Escrima*. Charles E. Tuttle Publishing. Rutland, Vermont and Tokyo, Japan, 1998. Limbag.
- Sulite, Edgar. *Masters of Arnis, Kali & Eskrima*. Manila: Socorro Publications, 1993. Nakalimbag.
- Wiley, Mark. *Filipino Martial Arts: Cabaless Serrada Escrima*. Charles E. Tuttle Publishing. Rutland, Vermont and Tokyo, Japan, 1994. Limbag.

MGA TALA

- ¹ Unang isinumite kay Prop. Hermel Pama, O.P., PhD. para sa klase ng Antropolohiya 293 (Seminar in Structural Anthropology), Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Ikalawang Semestre, Akademikong Taon 2017-2018. Nirebisa para sa publikasyong ito.